# Impormasyon para sa mga taong apektado ng pang-i-stalk at

**Ang pang-i-stalk at panliligalig ay isang malubhang krimen sa Aotearoa New Zealand.**

Ang pang-i-stalk at panliligalig ay ang nakagawiang paulit-ulit at hindi kanais-nais na pag-uugali na sumisira sa pakiramdam ng pagiging ligtas at sa kapakanan ng biktima. Kabilang sa mga halimbawa ng pang-i-stalk at panliligalig ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagmamanman o pagsunod sa iyo sa bahay, trabaho, unibersidad o paaralan, kabilang ang iba pang mga lugar tulad ng shop, cafe, sa simbahan, gym, o mga parke at event.
- Hindi ninanais at paulit-ulit na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng text, social media, email, sulat, o tawag sa telepono.
- Pagpapadala o paghahatid ng mga hindi ninanais na regalo tulad ng pera, bulaklak, pagkain, damit, laruan, o mga bagay na pampribado.
- Pagrerekord, pagsubaybay, o pag-eespiya sa iyo gamit ang teknolohiya tulad ng mga spyware application, mga app ng lokasyon, mga app para sa pakikipag-date, mga drone, mga nakatagong kamera, o software sa seguridad ng tahanan.
- Paninira o panghihimasok sa mga ari-arian at mga mahahalagang gamit sa bahay, kagamitan sa paggalaw, mga alagang hayop, mga kotse o sa iyong tahanan.
- Paninira o pagsira sa iyong reputasyon, mga oportuniad o mga relasyon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga personal na detalye o pagpapakalat ng mga tsismis tungkol sa iyo sa mga taong pinahahalagahan mo, o sa iyong komunidad tulad ng mga employer, kasama sa flat/dorm, landlord, sporting club, organisasyon ng pamahalaan, o mga negosyo kabilang ang mga bangko.
- Paggamit ng ibang tao o mga third party para sundan, saktan, o kontrolin ka. Kabilang sa ilang mga halimbawa ang paggamit ng email ng kumpanya, o mga kamera, para makipag-ugnayan o manmanan ka.
- Pagpapanggap bilang ikaw sa pamamagitan ng mga pekeng profile sa social media at pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga mensahe, email, at mga sulat-kamay na liham sa ibang tao na maaaring kilala mo o hindi, o paggawa ng mga hindi ninanais na account o mga subscription sa ngalan mo.
- Pagbabahagi ng pribado o personal na impormasyon nang walang pahintulot mo tulad ng iyong pangalan, edad, tirahan, lugar ng trabaho, sekswalidad o pagkakakilanlang pangkasarian, o paglikha ng mga pekeng binagong nilalaman upang bumuo ng mga larawan o video mo (na maaaring pribado o hindi).
- Pagkilos sa anumang paraan na maaaring magdulot ng takot o pagkabalisa tulad ng muling paglikha o pagtukoy sa mga pribadong sandali na ikaw lamang ang nakakaalam o pag-iiwan ng hindi magagandang review online tungkol sa iyo o sa iyong lugar ng trabaho.

Hindi mahalaga kung ang isang tao ay estranghero, kakilala, dating ka-partner, ka-partner, o miyembro ng pamilya – ang pag-uugaling ito ay ilegal. Sa batas, ang krimen ng pang-i-stalk at panliligalig ay inilalarawan bilang nakagawiang pag-uugali kung saan isinasagawa ng isang tao ang anumang tinukoy na pagkilos sa ibang tao nang hindi bababa sa dalawang magkakahiwalay na pagkakataon sa loob ng dalawang taon, kahit alam niya na ang kanyang pag-uugali ay malamang na magdudulot ng takot o pagkabalisa.

Maaaring mahirap matukoy ang pang-i-stalk at panliligalig dahil maaari magkakaiba ito depende sa kultura, pananampalataya, edad, kapaligiran, o uri ng relasyon. Kung hindi ka sigurado kung nakakaranas ka na ng pang-i-stalk at panliligalig, maaari kang humingi ng payo sa Pulis o sa isang abogado. Ang mga community law centre at Citizens Advice Bureau ay maaaring makapagbigay sa iyo ng libreng legal na impormasyon. Kung wala ka sa agarang panganib, maaari kang makipag-ugnayan sa serbisyo ng pagsuporta na nakalista sa ibaba.

## Ang batas ngayon ay nagbibigay ng mas matibay na proteksyon laban sa mga pag-uugaling pang-i-stalk at panliligalig

Pinagtitibay ng Crimes Legislation (Stalking and Harassment) Amendment Act 2025 ang mga proteksyon para sa mga taong apektado ng pang-i-stalk at panliligalig sa pamamagitan ng:

- ang pag-i-stalk at panliligalig ay ginagwang krimen na may parusang hanggang limang taon na pagkakabilanggo
- pinipigilan ang taong kinasuhan ng paglabag sa pang-i-stalk at panliligalig (kung kinakatawan ang sarili) na i-cross-examinination ang biktima*-+
- sa panahon ng paghahatol, pinahihintulutan ang mga hukuman na isaalang-alang na ang pang-i-stalk at panliligalig bilang malubhang mga pag-uugali
- pinahihintulutan ang mga hukuman na magbigay ng mga kautusan ng pagpigil at mapaminsalang digital na komunikasyon sa panahon ng paghahatol (kabilang na rin kung mayroong pagpapalaya nang walang hatol)
- awtomatikong pagbawi ng lisensya sa baril at/o pribadong seguridad ng isang nagkasala sa araw ng paghahatol at pinahihintulutan ang hukuman na magkaloob ng kautusan na ipagbawal ang baril.

## Mga legal na proteksyon na maaaring makatulong sa iyo

**Kung ikaw ay nasa agarang panganib, tumawag sa 111** (kung kailangan mo ng Pulis ngunit hindi makapagsalita dahil sa takot na mapahamak, hihilingin sa iyong pindutin ang mga key para sa tulong sa emergency). **Maaari mong tawagan ang numerong 105 ng Pulisya para kapag hindi emergency** kung sa tingin mo ikaw ay ini-stalk ka. Ang mga pag-uugaling pang-i-stalk at panliligalig ay dapat laging seryosohin dahil ang mga pag-uugaling ito ay kadalasang lumalala. Matutulungan ka ng pulisya, mga abogado, o ng mga suportang serbisyo sa (mga) opsyon na pinaka angkop sa iyong indibidwal na sitwasyon.

## Kabilang sa mga magagamit na legal na opsyon ang:

| Pangalan | Paglalarawan |
|---|---|
| **Abiso ng pulisya tungkol sa pang-i-stalk at panliligalig (inilabas ng Pulisya)** | Maaaring maglabas ang Pulisya ng abiso sa pang-i-stalk at panliligalig na ipinapaalam sa taong iyon na ang kanilang pag-uugali ay hindi katanggap-tanggap, at kung ipagpapatuloy niya ang pag-uugali ay maaaring nakagagawa na siya ng pagkakasala. Kung magdesisyon ang Pulisya na magsampa ng kaso matapos silang magbigay ng abiso at nagpapatuloy ang pag-uugali, maaaring gamitin ng Pulisya ang abiso bilang ebidensya na alam ng taong iyon na ang kaniyang mga aksyon ay nagdudulot ng takot at pagkabalisa.<br><br>Dapat mayroong **kahit isang halimbawa ng** pag-uugali ng pang-i-stalk at panliligalig upang makapaglabas ang Pulisya ng abiso ng pang-i-stalk at panliligalig.<br><br>Dapat munang ipaalam ng pulis sa biktima na magbibigay sila ng abiso sa taong nagkasala. |

| | |
|---|---|
| **Pagsasampa sa Pulisya** | Kapag nag-ulat ka sa Pulisya at mayroong dalawa o mas marami pang insidente ng pang-i-stalk at panliligalig sa loob ng dalawang taon, maaaring kasuhan ng pagkakasala ang taong iyon. |
| **Kautusan ng pagpigil** | Isang legal na dokumento na nagtatakda ng malinaw na mga tuntunin na dapat sundin ng taong nagkasala, tulad ng paghinto sa pakikipag-ugnayan. Maaaring ilapat ang opsyong ito kung:<br>• ikaw ay ini-stalk at naliligalig ng isang taong **wala** kang malapit na personal na relasyon at<br>• ang pag-uugali ay nangyari nang higit sa isang beses.<br>Ang mga kautusan ng pagpigil ay maaaring gawin sa pamamagitan ng:<br>• Kriminal na sentensya para sa pagkakasala ng pang-i-stalk at panliligalig (**na may dalawang halimbawa ng pang-i-stalk at panliligalig sa loob ng dalawang taon**). Maaari kang pumunta sa Pulisya upang iulat ang pag-uugaling nakakaapekto sa iyo.<br>• Ang proseso ng hukuman para sa sibil na panliligalig (**na may dalawang halimbawa ng panliligalig sa loob ng 12 buwan**). Maaari kang mag-aplay sa pamamagitan ng Hukuman ng Distrito. |
| **Kautusan para sa mapaminsalang digital na komunikasyon** | Isang legal na dokumento na maaaring hilingin sa isang tao na:<br>• alisin ang mapaminsalang nilalaman online<br>• itigil ang pagpo-post o pagpapadala ng mga mensahe<br>• huwag hikayatin ang ibang tao na i-target ka<br>• itama ang maling impormasyon<br>• bigyan ka ng karapatang mag-reply<br>• maglathala ng paumanhin.<br>Maaari itong ilapat sa online na panliligalig, pang-aabuso, o mga pagbabanta. Ang mga kautusan para sa mapaminsalang digital na komunikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng:<br>• Kriminal na sentensya para sa pagkakasala ng pang-i-stalk at panliligalig (**na may dalawang halimbawa ng pang-i-stalk at panliligalig sa loob ng dalawang taon**). Maaari kang pumunta sa Pulisya upang iulat ang pag-uugaling nakakaapekto sa iyo.<br>• Ang proseso ng hukuman para sa sibil na panliligalig (**na may dalawang halimbawa ng panliligalig sa loob ng 12 buwan**). Maaari kang mag-aplay sa pamamagitan ng Hukuman ng Distrito. Kung dadaan ka sa prosesong sibil, kailangan mo munang iulat ang pag-uugali sa Netsafe na makakatulong sa paglutas nito o pagbibigay sa iyo ng buod ng Netsafe na magagamit mo upang suportahan ang aplikasyon sa hukuman. |
| **Kautusan sa pagtatapon at pagsamsam** | Ito ay isang legal na dokumento na nag-aatas na alisin o sirain ang mga mapaminsala o sensitibong larawan o video.<br>Ang taong nagbahagi ng nilalaman nang walang pahintulot ay dapat isuko ang mga ito at mawawala sa kanila ang anumang karapatan sa pag-iingat ng materyal. |
| **Kautusan ng pagbabawal sa mga baril** | Ito ay isang legal na dokumento na pumipigil sa isang tao na makakuha o humawak ng lisensya sa paggamit ng baril. Hindi rin sila pinapayagang magmay-ari, gumamit, o mapalapit sa baril o kaugnay na bagay. |

| | |
|---|---|
| **Abiso sa pagpasok ng walang pahintulot** | Isang babala na nagsasabi sa isang tao na lumayo sa iyong tahanan o pribadong ari-arian. Maaari mo itong ipalabas, ang iyong employer, o ang Pulisya kung kinakailangan.<br><br>Maaari kang bumisita sa iyong lokal na istasyon ng Pulisya o mag-download ng kopya ng form sa pagpasok nang walang pahintulot. |
| **Kautusan ng pulisya para sa kaligtasan (inilabas ng Pulisya)** | Pansamantalang inaalis ang taong nagkasala mula sa bahay at sinasabihan silang itigil ang pakikipag-ugnayan. Maaari itong ilabas nang hindi kinakailangan ang pahintulot ng biktima kung naniniwala ang Pulisya na may panganib ng karahasan sa pamilya sa loob ng tahanan.<br><br>Ang pulisya ang magpapasya kung ilalabas ang kautusang ito. Kung gagawin nila, maaari itong tumagal ng hanggang sampung araw. |
| **Kautusan ng proteksyon (Hukumang Pampamilya)** | Isang legal na dokumentong tumutulong na protektahan ka, ang iyong mga anak, at iba pang taong pinangalanan sa kautusan mula sa pinsalang nagmumula sa pamilya o relasyon.<br><br>Maaari kang mag-apply kung ikaw ay mayroon (o nagkaroon) ng malapit na personal o pampamilyang relasyon sa stalker. |

## Paano maaaring humantong sa hukuman ang isang kaso

Ang kaso ay mapupunta sa hukuman kung iniulat ng isang tao ang pag-uugali sa Pulisya at nagpasya ang Pulisya na magsampa ng kaso. Sa panahon ng kanilang imbestigasyon, mangangalap ang Pulisya ng ebidensya tulad ng mga text message, email o mga pahayag ng mga saksi. Kapag naghain na ng kaso ang Pulisya, ang kaso ay magpapatuloy sa hukumang pangkrimen.

Gayunpaman, hindi lahat ng kaso ay kinasasangkutan ng Pulisya o ng proseso ng hukumang pangkrimen. Sa ilang mga sitwasyon, maaaring piliin ng isang tao na direktang mag-apply para sa isang kautusan, tulad ng isang kautusan ng proteksyon, sa pamamagitan ng Hukumang Pampamilya (isang hukuman sibil). Maaaring maganap ang mga paglilitis nang magkasabay sa Hukumang Pampamilya at sa hukumang pangkrimen may kinalaman sa parehong pag-uugali na pang-i-stalk.

## Tulong at suporta sa panahon ng proseso ng hukuman

Kung magdesisyon ang Pulisya na magsampa ng kaso at ang kaso ay napapunta sa **hukumang pangkrimen**, maaari kang makakuha ng suporta mula sa isang Tagapayo sa Biktima ng Hukuman. Sila ay mga kawani ng Ministry of Justice na nagpapaliwanag sa iyong mga karapatan bilang isang biktima, kung ano ang nangyayari sa bawat yugto ng hukuman, at nagbibigay ng iba pang tulong tulad ng pagkonekta sa iyo sa iba pang mga serbisyong suporta. Hindi sila nagbibigay ng legal na payo. Ang kanilang tungkulin ay isang libreng serbisyo na nakatuon sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa proseso ng hukuman.

Kung magpasya kang mag-apply sa **Hukumang Pampamilya**, maaari kang makakuha ng suporta mula sa isang Kaiārahi (Navigator ng Hukumang Pampamilya). Nag-aalok sila ng katulad, libre, at hindi legal na serbisyo na nakatuon sa pagtulong sa iyong maunawaan ang proseso at tulungan kang maramdaman na sinusuportahan ka.

Kung hindi English ang pangunahing wika mo, o nahihirapan kang intindihin ito, maaaring magtakda ng **libreng tagapagsalin ng wika** para sa iyo. Kung kailangan mo ng access para sa may kapansanan o iba pang suporta, maaari kang makipag-usap sa mga kawani ng hukuman, sa opisyal ng pulisya na namamahala sa iyong kaso o sa manggagawa na personal na sumusuporta sa iyo. Dapat magsagawa ng mga makatwirang pagbabago ang mga hukuman upang matulungan kang makilahok nang lubusan at ligtas.

## May makukuhang tulong at suporta

**Shine:** Serbisyong suporta para sa karahasan sa pamilya na maaari mong tawagan nang libre 24/7 sa numerong 0508 744 633 o bisitahin ang 2shine.org.nz

**Are You Okay:** Serbisyong suporta para sa karahasan sa pamilya na maaari kang tumawag nang libre 24/7 sa 0800 456 450 o bumisita sa areyouok.org.nz

**Women's Refuge:** Serbisyong suporta na maaari kang tumawag nang libre 24/7 sa 0800 733 843 o bumisita sa womensrefuge.org.nz

**Shakti:** Mga serbisyo ng espesyalista sa kultura para sa mga kababaihan at kanilang mga anak na Asyano, Aprikano at Taga-gitnang Silangan na biktima ng karahasan sa pamilya. Maaari kang tumawag nang libre 24/7 sa 0800 742 584 o bumisita sa shakti.org.nz

**Safe to Talk:** Isang serbisyo ng suporta para sa sekswal na pananakit na maaari kang tumawag nang libre 24/6 sa 0800 044 334, mag-text sa 4334, o gamitin ang kanilang serbisyo sa webchat, bumisita sa safetotalk.nz

**Victim Support:** Serbisyo ng suporta para sa mga pangkalahatang biktima na maaari kang tumawag nang libre 24/7 sa 0800 842 846 o bumisita sa victimsupport.org.nz

**1737 Mental Health:** Serbisyo ng suporta sa kapakanan na maaari kang tumawag nang libre o mag-text 24/7 sa 1737 o bumisita sa 1737.org.nz

**Netsafe:** Inaprubahang ahensya para sa mapaminsalang digital na komunikasyon na sumusuporta sa mga biktima ng online na pinsala. Maaari kang tumawag nang libre sa 0508 638 723, mag-text sa 4282, o bumisita sa netsafe.org.nz

**Youthline:** Serbisyong suporta para sa mga kabataan, maaari kang tumawag nang libre 24/7 sa 0800 376 633 o bisitahin ang youthline.co.nz

**What's Up:** Serbisyong suporta para sa mga Tamariki at rangatahi, maaari kang tumawag nang libre sa 0800 942 8787 o makipag-chat online sa whatsup.co.nz

**OUTline NZ:** Isang serbisyong suporta tungkol sa sekswalidad o pagkakakilanlang pangkasarian na maaari kang tumawag nang libre sa 0800 688 5463 o bisitahin ang outline.org.nz

**Hohou Te Rongo Kahukura:** Nagbibigay ng suporta na nagpapalakas sa mana (espirituwal na kapangyarihan) para sa mga nakaligtas mula sa sekswal na pananakit na Takatāpui at Rainbow, bisitahin ang kahukura.co.nz

**Maaaring makakuha ng libreng impormasyong legal** mula sa mga Community Law Centre o Citizens Advice Bureau: communitylaw.org.nz o cab.org.nz

**Maghanap ng abogado:** lawsociety.org.nz